

Impormasyon sa Buwis

Paano Napagpapasiyahan ang mga Buwis?

Ang Konseho sa Rehiyonal ng Peel (Peel Regional Council) at Konseho ng Lungsod ng Brampton (Brampton City Council) ay magtatakda kung magkanong pera ang kailangang sa pamamagitan ng mga buwis mula sa residensyal na ari-arian upang makabayad sa mga serbisyo at mga programa at mga pasilidad na kayo, bilang mga residente, ang siyang humiling sa amin na magsagawa. Ang mga buwis mula sa ari-arian ay nahahati sa tatlong bahagi: Rehiyonal, Lungsod at Lalawigan (Edukasyon). Ang lalawigan ay nagtatakda ng isang pangkaraniwang singil na buwis (tax rate) para sa lahat ng mga residensyal na ari-arian sa Ontario.

Ang Pagprotekta sa Inyong Pagkapribado

Mangyaring tandaan na para mapangalagaan ang pagpapribado ng ating mga residente, hindi isisiwalat ng Lungsod ang impormasyon sa account sa buwis nang wala ang Numero ng Kostumer tulad ng ipinakita sa kanang bahagi sa itaas ng inyong bill sa buwis.

Ang Programang Tulong para sa Buwis ng Ari-arian (Property Tax Assistance Program) para sa Karapat-dapat na mga Matatandang may Mababang Kita at mga Tagapagbayad na may Kapansanan (Eligible Low Income Seniors and Disabled Taxpayers)

Ang mga kwalipikadong matatanda (65 at higit pa) at ang mga taong may mga kapansanan ay maaaring magiging kwalipikado para sa kredito para sa buwis. Ang halaga ng rebate kada taon ay \$400 plus ang pinagsamang epekto ng buwis (blended tax impact) simula sa 2018. Kailangang gawin ang pag-aplay bago lumipas ang Disyembre 31 ng kasalukuyang taon ng pagbubuwis. Makukuha ang mga form sa www.brampton.ca o sa City Hall.

May Paunang Awtorisasyong Pagbabayad ng Buwis o Pre-Authorized Tax Payment Plan (PTP)

Awtomatikong pag-withdraw mula sa inyong bank account kada buwan: walang bayad sa pag-enrol sa plano. Tingnan ang www.brampton.ca para sa mga detalye.

Nakatakdang mga Petsa

Para maiwasan ang mga multa at mga singil sa tubo, ang mga buwis sa ari-arian ay kailangang bayaran sa nakatakdang mga petsa na ipinakita sa inyong bill sa buwis.

Mga Bagong May-ari ng Bahay

Kung kayo ay kabibili lamang ng isang bagong bahay, tandaan lamang na magbigay ng allowance para sa “Karagdagang Bayarin sa Buwis” (“Supplementary Tax Bill”) sa inyong mga pagpapalano ng badyet.

Bayarin para sa Pamamahala ng Account ng Bagong Nagmamay-ari

Ang bayarin para sa pamamahala ay idadagdag sa lahat ng account kung saan ang pagmamay-ari sa ari-arian ay nagbago. Ang isang ulat ng bayarin ay ipadadala sa may-ari ng bahay para sa bayad bahay.

Bayarin para sa Pamamahala ng Bagong Account

Kung ang ari-arian ay bago sa breakdown ng lahat ng ari-arian (tax roll), ang isang beses na bayad sa pamamahala ay idadagdag s para sakupin ang mga gastos kaugnay ng pag-set up sa account. Ipadadala ang isang statement sa may-ari ng bahay para sa bayad..

Pagtatasa ng Ari-arian

Kung may mga concern kayo tungkol sa pagtatasa sa inyong ari-arian, makipag-ugnayan sa Municipal Property Assessment Corporation (MPAC). Bisitahin ang www.mpac.ca o tumawag sa 1-866-296-MPAC (6722).

Paano Kalkulahin ang Inyong mga Buwis

Ang inyong mga buwis ay kinakalkula sa pamamagitan ng pagmultiplika ng Halaga ng Pagtatasa (Assessment Value) na ipinakita sa inyong bayarin sa buwis (tax bill) sa tamang rate para sa uri ng buwis na nakasaad din sa inyong bayarin sa buwis.

Mga Pag-aakma ng Buwis

Sakop ng limitadong mga sitwasyon, ang mga nagmamay-ari ng ari-arian ay maaaring mag-aplay sa Tesorero (Treasurer), sa panulat, para sa pagkakansela, pagbabawas o refund ng lahat o bahagi ng buwis na ipinataw. Para sa impormasyon at aplikasyon pumunta sa www.brampton.ca at hanapin ang 'Tax Appeals'.

Sapilitang Pagbebenta sa Ari-arian

Sa Enero 1, ang lahat ng mga ari-arian na may mga hindi nabayaran buwis sa loob ng dalawang taon ay magiging kwalipikado para sa mga hakbang ng Sapilitang Pagbebenta ng Ari-arian (Tax Sale) ayon sa itinakda ng Bahagi XI, Seksyon 373 (1) ng Batas ng Munisipyo.

Diskuwento sa mga Pagkakawanggawa (Charities Rebate)

Ang isang rehistradong pagkakawanggawa na nag-ookupa sa pangkomersyal/industriyaol na ari-arian ay maaaring kwalipikado para sa diskuwento ng bahagi ng mga buwis sa ari-arian. Para sa impormasyon at aplikasyon pumunta sa www.brampton.ca at hanapin ang 'charity rebate'.